

***Panlipunang Pagtuturo ng Simbahang Katoliko  
~ Dapat Basahin!  
Ika- 50 Anibersaryo ng PACEM INTERRIS***

Obispo Marcellino Daiji TANI  
Katolikong Diyosesis ng Saitama

***Maligayang Muling Pagkabuhay!***

Tinanggap ng lahat ng tao sa buong mundo ang bagong Santo Papa at sa Diyosesis ng Saitama ay tinanggap din ang dalawang bagong diyakono at isang pari. Dahil marami tayong dapat ipagdiwang, ang Muling Pagkabuhay ay mas masaya sa taong ito!

Ngayong taon ay ang ika-50 anibersaryo ng pagpapahayag ni Papa Juan XXIII ng ensiklikal, PACEM IN TERRIS (1963). Ang ensiklikal ng Katolikong panlipunang mga pagtuturo, na ang mga tema ay kapayapaan at dignidad ng tao, ang pinakaunang nagtukoy sa “mga taong may mabuting kalooban”. Upang gunitain ang anibersaryong ito, ang Episkopal na Komisyon ukol sa Panlipunang mga Isyu ng Bishop’s Conference of Japan ay gumagawa para sa panibagong pagsalin. Pinaniniwalaan na ang bagong teksto ay maaring ilathala bago gunitain ang taunang, Sampung Araw Para Sa Kapayapaan sa taong ito. Dapat bigyang pansin na, habang ang kay Papa Leo XIII na Rerum Novarum (1892), ang pinakaunang ensiklikal ng mga panlipunang pagtuturo, maraming ibang mga ensiklikal tungkol sa panlipunang pagtuturo ang inilathala mula noon.

**Paano natin tanggapin ang mga panlipunang pagtuturo ng Simbahan?**

Ang mga ensiklikal tungkol sa panlipunang pagtuturo ay inilathala upang ang Ebanghelyo ay malalim na tumagos sa lipunan at ang lipunan mismo ay maging mas makatao at mayaman sa espirituwalidad. Samakatuwid, ang lipunan ay maaring maging mas mabunga kung kanilang ipagtanggol at palayain ang mga tao na kanilang miyembro. Dahil ang Simbahan, base sa kanyang tunay na awtoridad sa pagtuturo (magisterium), ay nagbigay ng mga panlipunang pagtuturo at pati ang moral na pagtuturo, ang mga ministro pastoral at mga layko ay may katungkulan na yakapin at pagtibayin ang mga pagtuturong ito. Bukod doon, upang magawa ito, kailangan natin magsimula sa pamamagitan ng pagbabasa sa mga panlipunan na pagtuturong ito.

**Ang panahon nang inilathala ang PACEM INTERRIS**

Ang taon 1962 ay panahon ng nangyari ang tinatawag na “Cuban Missile Crisis”. Sa gitna ng kumprontasyon ng Soviet Union at United States (East-West Cold War), ang Soviet Union ay nagsimulang gumawa ng nukleyar-missile na naka base sa Cuba. Nang makita na isa itong banta, ang US ay nagpatupad ng pagharang at nagsimulang siyasatin ang mga barko. Nang binaril ang isang US na eroplanong pangsiyasat, ito ay naging sanhi na maaring ikapagsimula ng Ikatlong Digmaang Pandaigdig. Subalit, sa kabutihang palad ito ay naiwasan.

Sa kabilang dako, ito rin ay panahon na puno ng pag-asa: ang mga sinakop na mga bansa sa Africa at Asya ay nagkaroon ng kasarinlan. Subalit, ang North-South na problema, ang malaking agwat ng umuunlad na mga bansa at ng America-Europe ay naging malaking isyu.

Ang Santo Papa, na nababatid ang “senyales ng panahon”, ay nagsalita sa mundo tungkol sa mga isyung nukleyar na mga sandata, karapatang pantao, diyalogo ng mga bansa, at kapayapaan sa pamamagitan ng kanyang mga panlipunang pagtuturo.

### **Sa ating panahon kaya ngayon?**

Sa pandaigdigang antas, ang North-South na problema, hindi pagkapantay-pantay at malaking agwat sa ekonomiya ng America-Europe at ang mga bansa sa Asya at Africa ay patuloy na lumalawak. Dagdag nito, kahit sa ating taos-pusong pagnanais na mawala ang mga sandatang nukleyar, ang pagkalat ng nukleyar ay nagyayari pa rin. Ang tanging lugar kung saan ang East-West Cold War ay nanatili ay sa Silangang Asya.

Sa nasyonal na antas, ang Japan, na unti-unting naging multi-kultural na lipunan, ay mayroon pa rin nilolob na diskriminasyon tungo sa mga migrante. Agwat pang-ekonomiya ay tunay na lumalawak sa loob ng bansa. Kasama ng ibang mga isyu, ang Base Militar ng America sa Okinawa at ang aksidente sa No.1 Nuclear Power Plant sa Fukushima ay hayagang ipinakita ang pailalim na estrakturang diskriminasyon sa gitna ng mga lunsod at lalawigang bahagi ng Japan. Ang usaping hangganan (border) na namagitan ng Japan at mga kalapit bansa ay patuloy na naging dahilan ng tensiyon.

Ang mga isyu na ating kinaharap sa loob ng Japan sa ngayon ay hindi iba sa mga isyu na ating kinaharap sa loob ng PACEM IN TERRIS. Masasabi natin na ang mga parehong mga isyu ay lalong pinaigting at pinalala sa ating panahon.

### **Hustisya sa Lipunan ay kinakailangan ngayon**

Ang kailangan ng lipunan ngayon ay hustisya. Ang hustisyang ito ay hindi ang “hustisya” na ipinahayag ng mga bansa na makatarungang dahilan ang digmaan o sagupaan. Kundi, ang hustisya na nagmula sa paghahanap ng paraan upang ang Kalooban ng Diyos ay maging epektibo dito sa mundo. Ang pinakamakabuluhan na mga birtud para sa lipunan ay paggalang sa dignidad ng tao at karapatang pantao, pagkapantay-pantay at kapayapaan sa bawat tao at iba’t-ibang grupo ng mga tao. Sa pandaigdigang at nasyonal na antas, sa nakalipas na mga panahon, ngayon lang talagang nangangailangan ng hustisya sa lipunan.

Maliban sa PACEM IN TERRIS, may iba pang mga ensiklikal tungkol sa mga panlipunang pagtuturo at iba pang mga komentaryo na nagpaliwanag sa nilalaman ng mga teksto; gaya ng “Balangkas ng Panlipunang Pagtuturo ng Simbahang Katoliko (2009)”, inilathala ng Bishop’s Conference of Japan. Sana tayo, mga ministro pastoral at layko, ay matuto tungkol sa mga pagtuturong ito, sama-samang magbabahaginan at magbigay ng boses sa mga ito sa lipunan.

Alalahanin natin na ang napakamahalagang tungkulin ng pagpapalaganap ng Ebanghelyo ay ang tumulong upang ang Ebanghelyo at mga panlipunang pagtuturo ng Simbahan ay mas lalong tumagos sa modernong lipunan.